# Balitang Manmin

BILANG 94 OKTUBRE 20, 2013


# Tinutupad ng WCDN ang Kalooban ng Diyos para sa Pagwawakas ng Panahon Batay sa Pagiging Espirituwal at Panggagamot







Nagdadaos bawat taon ang WCDN ng pandaigdigang kumperensya ng mga Cristiano tungkol sa medisina. Ito ay may temang 'Spirituality and Medicine' (Kabanalan at Medisina), at aktibong ginagawa ng 19 na sangay nito ang ministeryo nila. Dahil dito, nagkaroon ng pagkakaisa ang mga doktor ng medisina mula sa buong mundo. May mahalagang layunin ito sa pagtupad ng kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon at magiging daan ito para sa kaligtasan ng hindi mabilang na mga tao. Mula sa kaliwa, mensahe sa video ng Tagapagtatag ng WCDN, Dr. Jaerock Lee, ang ika-10 pandaigdigang kumperensya tungkol sa medisina ng mga Cristiano sa Toluca, Mexico na idinaos sa taong ito. Ang paglalahad ng Pangulo ng WCDN na si Dr. Gilbert Chae tungkol sa isang kaso ng paggaling, pagtatanghal ng grupo ng Manmin.

"Nagdala ng pagbabago sa buhay, sa mga pamilya, sa gawain, at mga pangitain (vision) ang ministeryo ng WCDN. Napasaya ng pandaigdigang kumperensya ang mga dumalo. Sinabi din nila na nagdala din ng malaking biyaya sa kanila ang ministeryo ng Manmin Central Church. Maraming tumanggap ng pagpapala sa malaking pagmamahal ni Dr. Jaerock Lee para sa mga kaluluwa at sa kahangahangang pagkilos at mga himala ng Diyos sa buhay niya."

Pinagsikapan ni Dr. Daniel Fuentes Acosta, direktor ng WCDN sa Mexico, ang pagbahagi ng ebanghelyo sa Latin America. Samantala, noong Agosto 2013, ipinadala niya ang mga patotoo ng mga nagsidalo sa Ika-10 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor. Mahigit sa 350 tao mula sa 24 na bansa ang dumalo. Idinaos ito sa Toluca, Mexico noong Hunyo 14-15, 2013.

Itinatag ang World Christian Doctors Network (WCDN, samahan ng mga Cristianong doktor mula sa iba't ibang denominasyon) noong 2004. Layunin nitong pukawin ang diwa ng mga doktor, mga propesyunal sa larangan ng medisina, at mga edukadong tao na walang sapat na kaalaman kung sino talaga ang Diyos. Pinapatunayan nila na totoo ang nakasulat sa Biblia sa mga taunang pandaigdigang pulong nila. Sa ilalim ng temang "Kabanalan at Medisina", nagpapakita sila ng mga pruweba ng banal na pagpapagaling.

WCDN – Tagapagtatag at Tagapangulo, Dr. Jaerock Lee; Pangulo, Dr. Gilbert Chae – ang tanggapan nila ay nasa Timog Korea at mayroong 19 na sangay na tanggapan sa ibang bansa kasama ang Estados Unidos, Russia, Italia, Israel, Gitnang Silangan, Kenya, Singapore, Pilipinas, at Australia. Aktibo sila sa paggawa ng mga ministeryo nila.

Naghahanda na ang sangay sa Bulgaria para sa ika-11 kumperensya sa taong 2014. Nagaanyaya na ang direktor na si Dr. Lyubka Tancheva at ang komite ng pagsasaayos ng mga kasamahang dadalo. Iniaanunsyo na din nila ang tungkol dito sa telebisyon at sa pahayagan, naghahanap na din sila ng malaki at magandang lugar na pwedeng pagdausan ng kumperensya.

Sa ilalim ng pamamahala ni Direktor Dr. Paul Ponraji, ibinabahagi ng sangay ng WCDN sa India ang pag-ibig ng Panginoon sa pamamagitan ng mga 'medical camps'. Naglalathala din sila ng WCDN India, isang magazine sa internet mula pa noong Abril 2013, para mas lalo silang magkaroon ng pagkakaisa. Nagpapatuloy din ang kooperasyon at pakikipagtulungan nila sa mga doktor mula sa ibang bansa, tulad ng Sri Lanka, Malaysia, Pakistan, at Dubai. Nakapagdaos na sila ng mga seminar sa New Delhi, Kerala, Tamil Nadu, at Treach. May seminar na nakatakdang isagawa sa Puducherry sa Oktubre 2013.

Regular namang nagpupulong ang sangay sa Kenya sa pamumuno ni Direktor Dr. Zipporah Ngumi. Nananalangin at nag-aayuno sila ng isang buong araw bawat linggo para makilala at maranasan ang Diyos ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa pamamagitan ng WCDN. May plano silang magdagdag ng tauhan at magdaos ng kumperensya sa lugar nila sa Abril 2014, para sa pagkakaisa ng mga Cristianong doktor sa Africa.

Maalab din ang pakikibahagi ng ibang mga sangay sa ministeryo ng WCDN. Ipinagmamalaki nilang miyembro sila nito at nagnanais na palawakin ang kaharian ng Diyos sa pagsasagawa nila ng mga regular na pagpupulong, mga seminar, pananalangin, at masayang pagsasama-sama.

Habang padilim nang padilim ang mundo, mas nagiging makapangyarihan ang liwanag. Sa kasalukuyan, laganap na ang kasalanan at kasamaan, at iniiligaw ng landas ang mga tao ng anti-Cristo sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, internet, at mga babasahin. Gayon pa man, ginagabayan ng buhay na Diyos na Manlilikha ang hindi mabilang na tao sa daan patungo sa kaligtasan sa ilalim ng kapangyarihan Niyang lampas sa kayang isipin ng tao at sa pamamagitan ng ministeryo ng WCDN.

# Mapapalad ang mga Nahahapis

"Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin" (Mateo 5:4).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Itinuturo ni Jesus ang tungkol sa walong pagpapala sa ika-limang kabanata ng Mateo, ito'y 'Ang Mapapalad'.

Ang unang pagpapala ay maging dukha sa espiritu para makamit ang kaharian ng langit. Ang itinutukoy na dukha sa espiritu ay ang mabubuting tao at nakakabatid kung paano 'kakalimutan ang sarili'. Kung dukha sa espiritu ang isang tao, madali nilang tatanggapin ang ebanghelyo at tatamasahin nila ang buhay na walang hanggan, mga biyaya, at kagalakan sa magandang Langit.

Ano ang susunod na pagpapala? Ito ay maging isang taong nahahapis dahil aaliwin sila ng Diyos. Ang kahulugan ng 'nahahapis' ay magdalamhati o malungkot. Mayroon dalawang klase ng paghahapis: ang makalaman na paghahapis para sa malulungkot na pangyayari sa buhay at ang espirituwal na paghahapis para sa kaharian ng Diyos.

Pag-aralan natin ang 'nahahapis' na binanggit ni Jesus, at kung paano tayo pagpapalain at aaliwin ng Diyos.

### 1. Makalaman na Paghahapis at Espirituwal na Paghahapis

May mga taong nalulungkot, nagdadalamhati, at desperado sa buhay. Ang paghahapis dahil sa sariling kalungkutan ay makalaman, wala itong kinalaman sa Diyos. Hindi ito karapat-dapat tumanggap ng pag-aaliw mula sa Diyos. May iba namang dumadaing sa kanilang kahirapan, mga karamdaman, kahinaan, o kawalang kakayahan. Nagrereklamo sila kapag hindi nangyayari ang mga bagay na gusto nilang mangyari, kapag nagkakaproblema sila sa mga anak nila, o kapag may pagkukulang sa kanila ang asawa nila. At ang iba naman ay nahahapis at umiiyak dahil hindi sila pinapahalagahan o minamahal ng ibang tao. Ang ganitong klaseng paghahapis na nagmumula sa personal na emosyon ay hindi ang paghahapis na gusto ng Diyos.

Gayon pa man, nalulugod ang Diyos kapag nahahapis tayo para sa kaharian Niya at para sa mga agaw-buhay na mga kaluluwa, at kapag nahahapis tayo para sa pagpapabanal. Kaya kapalit nito, aaliwin Niya tayo at bibigyan ng malalaking gantimpala. Mababasa natin sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18, "Magalak kayong lagi; manalangin kayong walang patid; sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo, sapagkat ito ang kalooban ng Diyos kay Cristo Jesus para sa inyo."

Ang tinutukoy sa 'magalak kayong lagi' dito ay ang nagagalak kahit dumadaan tayo sa masakit at malungkot na situwasyon, at dapat din tayong magalak kung inuusig tayo o pinapahirapan. Gusto ng Diyos na magalak tayo sa kahit na anong situwasyon. Ito'y sa dahilang mga anak Niya tayo kahit magkaroon pa tayo ng mga pagsubok. Ligtas na tayo, at pinangakuan ng kaharian ng langit. Sasabihin pa ba ninyong, "Wala akong dapat ikagalak. Marami akong alalahanin. Paano ako magagalak?" Malulugod ang Diyos sa atin kapag espirituwal ang paghahapis natin para sa kaharian Niya at sa Kanyang Kabanalan.

### 2. Mapapalad ang mga Nahahapis

#### 1) Mayroong paghahapis ng pagsisisi

Kapag tumanggap ang isang tao sa Panginoon at tanggapin ang Banal na Espiritu, nagdadalamhati sila at nagsisisi nang may pagluha dahil nabatid nilang ipinako si Jesus para sa mga kasalanan nila. Ito ay ang 'paghahapis ng pagsisisi'. Gayon pa man, may mga pagkakataong pagkatapos magsisi ng isang tao, hindi pa rin magawang sumunod sa Salita ng Diyos.

Halimbawa, kahit nakapagdesisyon na kayo na hindi kayo magagalit at magiging masaya kayo sa kahit na anong situwasyon, kung minsan, bigla kayong magagalit kapag sinaktan ng ibang tao ang damdamin ninyo. Kapag hindi ninyo isinabuhay ang Salita, at natuklasan ang kasalanan ninyo at kasamaan, mahahapis kayo at magsisisi. Kung magsisisi kayo sa mga kasalanan ninyo, maalab na mananalangin at mag-aayuno, magsisikap na iwaksi ang lahat ng klase ng kasamaan, aaliwin kayo ng Diyos.

#### 2) Mahahapis tayo kapag hindi natin nagawa ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos

Nahahapis tayo kung hindi natin ginawa ang tungkulin na ibinigay ng Diyos. Sa Mateo 25, itinago ng alipin ang talento na ibinigay sa kanya ng kanyang panginoon, hindi niya ginamit ito sa pagnenegosyo o pangangalakal. Pinagwikaan siya ng kanyang panginoon. Sinabi nito, "Itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; Doon ay magkakaroon ng pagtangis at pangangalit ng mga ngipin." Kaya dapat nating suriin kung gaano natin pinapahalagahan ang mga tungkulin natin, kung gaano ang pagsisikap natin sa pagtupad nito, o kung naging tamad tayo kaya wala tayong ginawa. Kung may mga pagkukulang tayo sa pagtupad ng tungkulin natin, pagsisihan natin ito.

Gayon pa man, huwag nating isipin, "Kung ako ang pinamahala sa mga tungkulin sa iglesya, reponsibilidad ko na ang mga ito. Kung hindi ko magagawa ito ng maayos, mayroon akong pagsisisihan. Kaya hindi na lang ako tatanggap ng kahit na anong tungkulin. Magsisipag na lang ako sa pagsisimba." Gayon pa man, kung mahal natin ang Diyos, at gusto nating bayaran ang mga pagpapalang ibinibigay Niya, dapat tayong gumawa nang tapat at magboluntaryo para sa kaharian Niya. Kung hindi tayo naging tapat sa pagtupad ng mga tungkulin natin, dapat tayong magsisi at humingi ng taos-pusong kapatawaran sa Diyos. Pagkatapos, magkakaroon tayo ng tunay na kaaliwan mula sa Diyos.

#### 3) Mahahapis tayo dahil sa mga kapatid natin kay Cristo na patungo sa kamatayan

Habang pasan ni Jesus ang krus para tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan nila, may mga sumunod na kababaihan sa Kanya, nag-iiyakan. Sinabi Niya sa kanila, "Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo Akong iyakan, kundi iyakan ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong mga anak" (Lucas 23:28). Ibig sabihin, sinasabi Niya sa atin na mahapis para sa mga taong sumusulong patungo sa pagkawasak nang hindi nalalaman ang pag-ibig ng Panginoon.

Kung may nakikita tayong mga tao na nagkakasala at patungo sa kamatayan, magsisi tayo para sa kanila, humiling tayo ng awa at habag para kumilos sila sa katotohanan. At magbigay din tayo ng payo at palakasin ang loob ng mga kaluluwang nawawalan ng lakas sa paghihirap at mahapis at manalangin na parang ikaw ang dumadanas ng mga ito.

#### 4) Nahahapis tayo para sa kaligtasan ng kaluluwa

Kung ang pamilya, mga kamag-anak, o mga kaibigan ay patungo sa Impiyerno, dapat tayong malungkot, mahapis, at manalangin para sa kaligtasan nila. At dapat din tayong mahapis para sa hindi mabilang na kaluluwa na patungo sa kamatayan. Ang paghahapis para sa ating bansa at mga mamamayan nito, mga iglesyang Cristiano, at mga bagay na nagiging balakid sa gawain ng Diyos ay kasama sa espirituwal na paghahapis sa harapan ng Diyos.

Aaliwin ng Diyos at pupurihin sa Langit ang mga nahahapis para mabayaran ang halaga ng dugo ng Panginoon at makuha ang mga kaluluwa na siyang dahilan ng pagdanak ng dugo Niya. Kaya kung minamahal natin ang Diyos nang higit sa lahat, natural lang na maalab tayong mananalangin na may pagluha, at mahahapis para sa kaharian Niya at para sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Ito'y hindi para sa ating sariling kapakanan, kapangyarihan, o kalusugan.

### 3. Mga Biyayang Ibinibigay sa mga Nahahapis

Inaaliw at binibigyan ng Diyos ng kasagutan ang mga nahahapis para sa mga espirituwal na bagay.

Higit sa lahat, tatanggap tayo ng kapatawaran ng ating mga kasalanan kapag naliligalig ang puso natin sa paghahapis. Kapag tayo, na nakatakdang mamatay, ay magsisisi mula sa ating mga kasalanan sa kaibuturan ng ating puso, mayroong dakilang pagpapalang ibibigay sa atin para makalipat mula sa Impiyerno papunta sa Langit.

Ibibigay sa atin ng Diyos ang lahat ng pangangailangan natin kapag nahahapis tayo sa paggawa ng mga tungkuling ibinigay Niya. Halimbawa, kung pastor tayo, dapat maging matapang at makapangyarihan ang pangangaral natin ng Salita, tutuparin Niya ang mga pangangailangan natin at tutulungan Niya tayong makapagdala ng maraming tao sa Cristianismo para maligtas.

Bukod pa dito, aaliwin tayo ng Diyos at bibigyan tayo ng tamang kasagutan kapag nahahapis tayo para sa mga kapatid na patungo sa pagkawasak, para sa kaligtasan ng mga kaluluwa, para sa iglesya, para sa mga bansa, at para sa misyong pang-buong mundo. Niloob Niyang maipanganak muli ang mga makasalanan. Niloloob Niyang magkaroon ng panibagong sigla ang iglesya, at nagpapadala Siya ng magagaling at mabubuting lingkod para matupad ang mga misyon. Ang espirituwal na paghahapis ay pinagmumulan ng mga gantimpalang mula sa langit at mga benepisyong mula sa kaharian ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na hindi kayo magkaroon ng makalamang paghahapis dahil sa personal na pangamba, sa halip, mahapis nawa kayo para sa kaharian ng Diyos at mga kaluluwa. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na maluwalhati nawa ang Diyos sa gagawin ninyo, bilang mga anak Niya para tanggapin ninyo ang mahalagang mga gantimpala sa walang hanggang kaharian ng langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# 'Katarungan', 'Pagkahabag', at 'Katapatan'

T Sa Mateo 23:23, mahigpit na nagbabala si Jesus, sinabi Niya, "Sa aba ninyo mga eskriba at mga Fariseo! Mga mapagpaimbabaw! Ibinibigay ninyo ang ikapu ng gulaying walang halaga ngunit kinaliligtaan ninyong isagawa ang lalong mahalagang aral sa Kautusan: ang katarungan, ang pagkahabag, at ang katapatan. Tamang gawin ninyo ang mga ito, ngunit huwag naman ninyong kaliligtaang gawin ang iba" (MBB). Noong panahong iyon, mahigpit ang pagsunod ng mga lider ng mga Judio sa batas, pero pinagsabihan at binalaan sila ni Jesus. Ano ang kahulugan ng katarungan, pagkahabag, at katapatan?

S Hindi lang ang batas ang mahigpit na sinunod ng mga eskriba at Fariseo kundi pati ang mga tradisyon ng matatanda. Pinag-aralan din nila ang Batas at itinuro ito sa mga tao. Napakahigpit ng pagsunod nila sa Batas, katulad na lang sa ikapu, binibilang pa nila ang mga dahon at tangkay ng kaliitliitang gulay. Gayon pa man, sumunod sila sa mga utos ng Diyos dahil gusto nilang magyabang sa halip na sundin ang mga ito dahil sa pag-ibig nila para sa Kanya. Pinag-aralan nila ang Batas at literal ang pagsunod nila dito. Pero nakalimutan nila ang katarungan, pagkahabag, at katapatan, na siyang bumubuo ng pangunahing diwa ng Batas.

Sa Mateo 23, mahigpit na pinagsabihan ni Jesus ang mga eskriba at Fariseo nang may pitong beses, sinabi pa Niyang, "Kahabag-habag kayo, mga eskriba at Fariseo, mga mapagkunwari!" Tahasang sinabi sa kanila ni Jesus ang kanilang kasibaan, pagwawaldas, at hindi pagsunod sa batas, na itinatago nila sa pagkukunwari. Pinagsabihan sila ni Jesus dahil dito. Ikinumpara Niya sila sa 'mga bulag na taga-akay' o 'lahi ng mga ulupong' o 'mga libingang pinaputi'. Pinagsabihan Niya sila ayon sa kalooban ng Diyos at sinabihang magsisi. Gayon pa man, hindi sila nagsisi, sa halip, nilabanan nila si Jesus. Kaya tumungo sila sa pagkawasak dahil hindi nila naunawaan ang kalooban ng Diyos sa pagbibigay ng Batas.

## Katarungan – 'Sundin Kung Ano ang Tama'

Sa mundong ito, may mga batayan kung paano malalaman ang tamang pagkilos at maling pagkilos, tulad ng kabutihang asal at pamantayan ng lipunan. May mga taong laging pinipili ang panig na umaayon sa mga pamantayang ito. Gayon pa man, pipiliin ng mga anak ng Diyos ang tama ayon sa Batas ng Diyos at sa pamantayan ng katarungan. Ang dahilan nito ay sapagkat kung minsan ang pamantayan ng mundo ay hindi naaayon sa pamantayan ng Diyos.

Ang mga Fariseo at mga eskriba ay napakamatuwid kung titingnan ayon sa pamantayan ng Batas. Sinusunod nila ang mga utos ng Diyos sa mga ginagawa nila. Pero palagi nilang iniisip kung paano sila magiging sikat at igagalang ng ibang tao dahil sa mga ginagawa nila. Mapagpaimbabaw sila dahil nagkukunwari lang silang matuwid.

Puno ng kasamaan ang mga puso nila. At kapag nag-aayuno sila, ngumingiwi sila para ipaalam sa ibang tao ang ginagawa nila. Sa panlabas, parang nagninilay sila sa salita ng Diyos, nananalangin, at nag-aayuno. Pero, walang katarungan sa puso nila, ang kagustuhang sundin ang tama.

Hindi magbabago ang mga makatarungan sa harapan ng Diyos kahit ano ang situwasyon o pangyayari. Sumusunod sila sa tama ayon sa Salita, may nakakakita man o wala, nasa mataas o mababang posisyon man sila, makikinabang man sila o hindi. Ang dahilan nito ay sapagkat iniisip nila ang Diyos, hindi ang mga tao. Kikilos sila ayon sa katarungan sa bawat situwasyon para magbigay ng lugod sa Diyos.

## Pagkahabag – 'Pag-ibig at Kabutihang-loob'

Sa Juan 8, dinala ng mga eskriba at mga Fariseo ang isang babae sa harapan ni Jesus, inakusahan nila ito. Sinasabi ng Juan 8:4-5, "Guro, nahuli ang babaing ito sa akto ng pangangalunya. Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang Iyong masasabi tungkol sa kanya?"

Tamang batuhin ang babae ayon sa Batas ng Lumang Tipan. Pero sa katunayan, gusto lang nilang subukin si Jesus at tuligsain ang hatol sa babae. Wala silang bahid ng pagkahabag ng Diyos sa mga makasalanan.

Sinabi ni Jesus na walang pag-ibig at kabutihang-loob ang mga Fariseo at mga eskriba. Gusto ng Diyos na magligtas na kahit isa pang kaluluwa. Kung may bahid tayo ng pag-ibig ng Diyos, mahahabag din tayo sa mga ganitong kaluluwa. Sinasabi ng Santiago 2:13, "Ang awa ay nagtatagumpay sa paghuhukom." Ayon sa batas, dapat patayin ang mga makasalanan, pero pinatawad tayo ng Diyos sa mga kasalanan natin sa pagsasakripisyo ng Tanging Anak Niyang si Jesus. Ipinakita Niya sa atin ang pagkahabag at pag-ibig na lumalampas sa katarungan.

Kung lubos nating aalagaan ang pagkahabag sa mga puso natin, susundin natin ang Batas ng Diyos, at kabutihan lang ang ipapakita natin sa ating kapwa. Higit pa riyan, gagawin natin ang pangunahing tungkulin natin bilang tao, magmamahal tayo at magpapakita ng kabutihang-loob, at ilalabas ang mabangong samyo ni Cristo.

## Katapatan – 'Ang Pananampalataya Natin sa Diyos'

Sinasabi ng Hebreo 11:6, "At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya." Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, dapat muna nating paniwalaan na buhay Siya. Dapat din nating paniwalaan na bibigyan Niya tayo ng gantimpala kapag susundin natin ang mga utos Niya. Sinabi ng mga Fariseo at mga eskriba na naniniwala sila sa Diyos, pero hindi sila tunay na naniniwala. Sinunod nila ang mga utos, pero gusto lang nilang hangaan sila ng ibang tao. Ibig sabihin, hindi nila tinatanggap ang Diyos na nagsasaliksik ng mga puso nila. Kung totoong naniniwala sila sa Diyos nang taos-puso, dapat pinaniwalaan nilang Siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga kabutihang ginagawa, at naging makatarungan sana sila at may pag-asa.

Ibinibigay ng Diyos ang mas mabubuting tirahan sa Langit sa mga sapilitang umaangkin nito (Mateo 11:12). Kapag pinag-aaralan natin ang Salita ng Diyos at nananalangin, dapat tayong sumampalataya sa Kanya at magtiwala na Siya ang magbibigay sa atin ng gantimpala. Pagkatapos, maiiwaksi natin ang mga kasalanan natin at maglilingkod ng tapat at may kagalakan. Ito'y sapagkat batid nating itinatayo ang tahanan natin sa mas magandang lugar sa kalangitan at mas maraming gantimpalang naiipon.

Kapag mayroon tayong pananampalataya at kagalakan habang sinusunod natin ang mga utos ng Diyos, tatamasahin natin ang mga biyaya sa espiritu at katawan, at makakapamuhay tayo ng pinagpalang buhay kung saan lahat ng bagay ay maaaring magkatotoo.

# “Ang pinakamatamis na sandali ng buhay ko ay kapag nananalangin ako sa Diyos”

Punong Diakonesa Seyoung Oh (Pangulo ng Prayer Devotees’ Association)

Sinisimulan ko ang araw ko sa pananalangin at tinatapos ito sa pananalangin. Hindi ako nagbabago sa pananalangin ko para sa kaharian ng Diyos at sa Kanyang kabanalan sa loob ng 23 taon. Ito ang pinakamatatamis na sandali ng buhay ko.

Ang Manmin Central Church ay mayroong grupo ng mga deboto sa pananalangin. Tinawag namin itong Prayer Devotees’ Association. Nananalangin kami sa santuwaryo sa umaga at gabi. Ang tema ng panalangin namin ay iba’t iba, tulad ng – ‘pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa’, ‘misyon sa buong mundo’, ‘iglesya’, ‘Punong Pastor’, at ‘mga lingkod ng iglesya’. Ang Prayer Devotees’ Association ay mayroong tatlong mas maliliit na grupo: Prayer Warriors; Prayer Devotees; at Part-time Prayer Devotees. Ako ang pangulo ng asosasyong ito.



### Nasisiyahan ako sa pananalangin, may kagalakan at pasasalamat

Nagparehistro ako sa Manmin Central Church sa patnubay ng kaibigan ko noong Pebrero 1988. Naunawaan ko ang espirituwal na kahulugan ng Salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia at naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon habang nakikinig sa mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nasisiyahan ako sa maliligayang sandali ng pakikipag-usap ko sa Diyos Ama na napakabuti.

Bawat araw, ika-9:00 ng gabi, kinasasabikan kong pumunta sa santuwaryo para dumalo sa pulong-panalanging Daniel na pinamamahalaan ni Gng. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center. Ito’y dahil inaasahan kong makakausap ko ang aking mapagmahal na Ama. Noong 1991, ‘part-time’ lang ang pagsali ko sa samahang ito. Pagkatapos ng trabaho ko, nananalangin ako gabi-gabi sa loob ng 40 minuto bago magsimula ang pulong-panalanging Daniel.



Kasama ang asawa niya, Diakono Hyungil Kim at ang anak nila, si Kap. Aeyoung Kim

Palagi ako nananalangin kaya masayahin ako, “Miss Smile” ang bansag sa akin ng mga kasamahan ko sa trabaho. Noong 1994, pagkatapos kong magpakasal, mas nagkaroon pa ako ng oras para sa pananalangin, malaking pagpapasalamat ito para sa akin. Pero may mga sandaling parang mayroong pabigat. Inisip kong masipag na ako sa pagtupad ng tungkulin ko bilang isang deboto sa pananalangin, pero medyo tinamad ako at nahiya dahil nalugi ang negosyo ng asawa ko.

Isang araw, nangaral ang Punong Pastor Dr. Lee tungkol sa kahalagahan ng tungkulin ng mga asawang babae sa isang pulong ng Misyon para sa mga Kababaihan. Nakita ko ang pagkakamali ko, sinimulan kong buwagin ang pagmamahal ko sa sarili at nagpakumbaba. At pinakinggan ko ang iba pang sermon na nagpakita sa akin ng mga masasamang bagay na nasa puso ko. Pinagnilayan ko ang mga ito, nanalangin, at nagsikap akong iwaksi ang mga ito.

### Binuwag ko ang ‘sarili’ nang may paghahangad sa pagpapabanal

Noong 2006, ipinangaral ni Dr. Lee ang mensaheng ‘The Self’ (Ang Sarili) sa oras ng pagsamba ng grupo namin. Tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mensahe. Pinakinggan ko ito nang mahigit sa sampung beses, sinuri ko ang sarili, at iwinasto ang mga maling bagay sa puso at isipan ko. Nagsikap akong tanggalin ang kayabangan ko, hindi ko ito napapansin dati, pero ito ang nagiging dahilan sa pagiging tapat ko sa mga tungkulin ko.

Noong 2009, nagkaroon kami ng pagkakataon na makaharap si Dr. Lee. Nagkaroon ako ng pangitain. Sa pangitain ko, payat ang mukha ni Dr. Lee dahil idinadaing niya at iniiyakan ang mga nananatili sa kamunduhan at pagkakasala. Nadama kong lalo ang pag-ibig ng pastol, hinangad kong mas magpakabanal pa. Ginusto kong pakinggan muli ang mga sermon at basahin ang mga sermon sa church bulletin, *Balitang Manmin*, at sa website ng iglesya. Maalab din akong nanalangin.

Noong Hulyo 2011, habang idinadaos ang kumperensya para sa mga lider, nakita kong kulang ako sa tapang, hindi ko ipinapahayag ang kabanalan sa kaibuturan ng puso ko. Ninais kong buwagin ang ganitong ugali. Sinikap ko din na isabuhay ang mga mensahe ni Pastor Heesun Lee, pangulo ng grupo namin, at gusto kong kumilos ayon sa kalooban ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Pinagsikapan kong baguhin ang ugali ko para maging matapang ako sa paglalahad ng mga ideya ko kapag nangunguna ako sa pulong-panalangin at pagpapayo sa ibang miyembro.

### Tinupad ko ang tungkulin ko nang may kaloobang espirituwal at makapangyarihang pananalangin

Nananalangin ang mga deboto sa pananalangin mula ika-10:30 ng umaga hanggang tanghali at mula ika-1:00 hanggang 3:00 ng hapon. Nananalangin din kami sa pulong-panalanging Daniel mula ika-9 ng gabi. Nananalangin kami nang mahigit sa anim na oras sa isang araw para sa kaharian ng Diyos at para sa pastol, nagboboluntaryo din kami bilang ushers, sa pagkakaloob, at paghahanda ng tanghalian tuwing Linggo.

Itinuturing kong buhay ko ang maging isang deboto sa pananalangin. Masaya ako sa ginagawa kong ito lalo na sa pagpunta sa santuwaryo, at kung tumatanggap ako ng mga sagot sa mga ipinapanalangin ko para sa kaharian ng Diyos. Mahirap itong ipaliwanag.

Isang araw, nananalangin ako para kay Dr. Jaerock Lee at sa grupong pang-misyon ng iglesya. Magdadaos sila ng krusada sa ibang bansa. Nagkaroon ako ng pangitain kung saan may ‘tug-of-war’ ang mga deboto sa pananalangin at si Satanas. Nakakatakot ito, kaya mas naging maalab ang pananalangin ko. Sa bandang huli, kami ang nagwagi sa labanang espirituwal. Siyempre, naging matagumpay din ang mga krusada. Isang malaking pagkakataon ito para maitanim sa puso at isipan namin kung gaano kahalaga ang tungkulin ng mga taga-panalangin.

Noong Mayo 2013, habang pinagsisikapan kong makamit ang mabuting puso para sa Panginoon, may natanggap akong masayang balita. Nakamit ko na ang antas ng pagiging espirituwal. Gusto akong tularan ng ibang mga miyembro. Inihahandog sa Diyos ang mga deboto sa pamamagitan ng pananalangin. Dapat hindi kami mayabang, at ang Diyos lang ang sinusunod namin.

Hangarin kong manalangin ng mas maalab, buwagin ang ‘sarili’, at tanggapin ang kapangyarihan ng Diyos para makapagdala ng maraming kaluluwa sa kaligtasan. At itatanim ko sa puso ko ang pag-ibig ng Diyos para sa mga miyembro ng Manmin, susulong ako para matupad ang kalooban Niya para sa pagwawakas ng panahon sa pamamagitan ng pananalangin. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na tumulong sa akin para magkaroon ng tunay na pinagpalang buhay.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714